blue california

# Blue Shield of California
# Medicare Advantage-Mga Plano sa Resetang Gamot
# **Checklist bago ang pagpapatala**

Bago magdesisyong magpatala, mahalagang lubusan mong nauunawaan ang aming mga benepisyo at panuntunan. Kung mayroon kang anumang tanong, puwede kang tumawag at makipag-usap sa isang kinatawan ng Serbisyo sa Customer sa **(800) 452-4413 (TTY: 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo.

## Pag-unawa sa mga benepisyo

- [ ] Nagbibigay ang *Evidence of Coverage* (EOC, Katibayan ng Saklaw) ng kumpletong listahan ng lahat ng saklaw at serbisyo. Mahalagang suriin ang saklaw, mga gastos, at mga benepisyo ng plano bago ka magpatala. Bisitahin ang **blueshieldca.com/medmapd2025** o tawagan ang Serbisyo sa Customer sa **(800) 452-4413 (TTY: 711)**, 8 a.m. hanggang 8 p.m., pitong araw sa isang linggo, para makakuha ng kopya ng EOC.
- [ ] Suriin ang direktoryo ng provider (o magtanong sa iyong doktor) para matiyak na nasa network ang mga doktor na binibisita mo ngayon. Kung hindi sila nakalista, nangangahulugan itong malamang kailangan mong pumili ng bagong doktor.
- [ ] Suriin ang direktoryo ng parmasya para matiyak na nasa network ang parmasyang ginagamit mo para sa anumang resetang gamot. Kung hindi nakalista ang parmasya, malamang kailangan mong pumili ng bagong parmasya para sa mga reseta mo.
- [ ] Suriin ang listahan ng gamot para matiyak na nasasaklaw ang mga gamot mo.

## Pag-unawa sa mahahalagang panuntunan

- [ ] Posibleng magbago ang mga benepisyo, premium, at/o copayment/co-insurance sa Enero 1, 2026.
- [ ] **Para sa mga planong HMO D-SNP:** Ang planong ito ay plano sa mga espesyal na pangangailangan na pupuwede sa dalawang programa (D-SNP). Ibabatay ang kakayahan mong magpatala sa pagpapatotoong karapat-dapat ka sa Medicare at tulong medikal mula sa estado sa ilalim ng Medicaid.

## Epekto sa kasalukuyang coverage

☐ Kung kasalukuyan kang nakatala sa isang plano ng Medicare Advantage, matatapos ang iyong kasalukuyang saklaw sa pangangalagang pangkalusugan ng Medicare Advantage kapag nagsimula na ang iyong bagong saklaw ng Medicare Advantage. Kung mayroon kang Tricare, posibleng maapektuhan ang iyong saklaw kapag nagsimula na ang iyong bagong saklaw ng Medicare Advantage. Mangyaring makipag-ugnayan sa Tricare para sa karagdagang impormasyon. Kung mayroon kang plano ng Medigap, kapag nagsimula na ang iyong saklaw ng Medicare Advantage, marahil dapat mong alisin ang iyong saklaw sa Medigap dahil magbabayad ka para sa saklaw na hindi mo magagamit.

Inaprubahan ng Medicare ang Blue Shield of California na ibigay ang mga benepisyo at/o mas mababang co-payment/co-insurance na ito bilang bahagi ng programang Value-Based Insurance Design (Disenyo ng Insurance na Nakabatay sa Halaga). Binibigyang-daan ng programang ito ang Medicare na sumubok ng mga bagong paraan para mapahusay ang mga plano ng Medicare Advantage.

The company complies with applicable state laws and federal civil rights laws and does not discriminate, exclude people, or treat them differently on the basis of race, color, national origin, ethnic group identification, medical condition, genetic information, ancestry, religion, sex, marital status, gender, gender identity, sexual orientation, age, mental disability, or physical disability. La compañía cumple con las leyes de derechos civiles federales y estatales aplicables, y no discrimina, ni excluye ni trata de manera diferente a las personas por su raza, color, país de origen, identificación con determinado grupo étnico, condición médica, información genética, ascendencia, religión, sexo, estado civil, género, identidad de género, orientación sexual, edad, ni discapacidad física ni mental. 本公司遵守適用的州法律和聯邦民權法律，並且不會以種族、膚色、原國籍、族群認同、醫療狀況、遺傳資訊、血統、宗教、性別、婚姻狀況、性別認同、性取向、年齡、精神殘疾或身體殘疾而進行歧視、排斥或區別對待他人。Ang kumpanya ay sumusunod sa mga naaangkop na batas ng estado at pederal na batas sa karapatang sibil at hindi nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o kaiba ang trato sa kanila batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng pangkat-etniko, kondisyong medikal, henetikong impormasyon, lipi, relihiyon, biolohikal na kasarian, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, kapansanan sap ag-iisip, o pisikal na kapansanan.

ATTENTION: If you speak a language other than English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call **(800) 452-4413 (TTY: 711)**.

ATENCIÓN: Si no habla inglés, tiene a su disposición gratis el servicio de asistencia en idiomas. Llame al **(800) 452-4413 (TTY: 711)**.

注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 **(800) 452-4413 (TTY: 711)**。

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng wikang iba pa sa English, magagamit mo ang mga serbisyo ng tulong sa wika nang libre. Tumawag sa **(800) 452-4413 (TTY: 711)**.

Blue Shield of California is an independent member of the Blue Shield Association A51154-DSN-TA_1024